Ang 'Limang Mga Sola' Ng Repormasyon

❖ SOLI DEO GLORIA (Sa Diyos Lamang Ang Kaluwalhatian)

- Kalunos-lunos ang kalagayan ng relihiyon noong panahon ng Repormasyon, na sinasabi ni Calvin: *" Sa isandaan ay mahirap makakita ng isa na magsasabing ang kaluwalhatian ng Diyos ang kanyang pangunahing layunin. "* Ang tao ang itinataas at ang karangalan ng tao ang pinupuri = ang mga santo, martir, papa at kaparian ang binibigyang-karangalan. *" Oo nga't sa salita ay ibinibigay nila sa Diyos ang kaluwalhatian sa lahat ng bagay na mabuti, subalit sa katotohanan, ninanakaw nila sa Kanya ang kalahati [ng kaluwalhatian], o higit pa sa kalahati, sa pamamagitan ng paghahati sa mga santo ng Kanyang mga kabutihan. "* Kaya ipinanindigan ng Repormasyon: *Soli Deo Gloria!*
- Sa Diyos lamang ang lubos na kaluwalhatian. Sumasalungat ito sa pagtataas ng Romano Katoliko sa papa, kay Maria at sa mga santo, sa kaparian at sa simbahan at sa pagbibigay sa kanila ng anumang karangalan sa kaligtasan ng tao.
- Sa pamamagitan nito ay pinanumbalik ng Repormasyon ang katuruan ng pagiging soberano ng Diyos sa bawat aspeto ng buhay = ang lahat sa buhay ay marapat na ipamuhay tungo sa kaluwalhatian ng Diyos. Gaya ng tanong sa Westminster Shorter Cathechism: *" Ano ang pangunahing layunin ng tao?—Luwalhatiin ang Diyos at magalak sa Kanya magpasawalang-hanggan. "* Ang dakila at namamayaning layuning ito ay binigyang-diin ng mga Repormador noong ika-16 at ika-17 siglo na naghangad na papanumbalikin sa Salita ng Diyos ang iglesya. Laban sa monastikong pagka-klasipika sa buhay sa dalawang uri: (1) pagiging-sagrado; at (2) pagiging-sekular ay pinanindigan ng mga Repormador na ang lahat ng bagay sa buhay ay marapat ipamuhay sa ilalim ng pagka-Panginoon ni Kristo = lahat ng gawain ng Kristyano ay dapat ginagawa para sa kaluwalhatian ng Diyos.

- [**Thesis Five: Soli Deo Gloria**; **Cambridge Declaration of the Alliance of Confessing Evangelicals**; ***April 20, 1996***]

  " Pinaninindigan natin na sapagkat ang kaligtasan ay sa Diyos at isinakatuparan ng Diyos, at ito ay para sa kaluwalhatian ng Diyos kaya't dapat na luwalhatiin natin Siya lagi. Dapat nating isabuhay ang ating buong buhay sa harap ng Diyos, sa ilalim ng otoridad ng Diyos at para sa Kanyang kaluwalhatian lamang. Tinatanggihan natin na maaari nating luwalhatiin nang maayos ang Diyos kung ang ating pagsamba ay hinahaluan natin ng pang-kaaliwang palabas, kung kinakaligtaan natin ang alinman sa Kautusan o Ebanghelyo sa ating pangangaral, o kung pag-unlad ng sarili, pagpapahalaga sa sarili o sariling-kaganapan ay hinahayaan nating maging kapalit ng ebanghelyo. "

- **Kapahayagan Ng Kaluwalhatian Ng Diyos:**
  - **Sa Nilikha – Awit 19:1-6** *" Nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Diyos ang kalangitan, at ang mga gawa ng kanyang kamay ay inihahayag ng kalawakan…. "* Ang buong sangnilikha ay nagpapakita ng kaluwalhatian ng Diyos na Lumikha = ipinapahayag ang Kanyang walang-hanggang karunungan at kapangyarihan (*cf.* **Rom. 1:20**)
  - **Kay Kristo sa Ebanghelyo** – *" Sapagkat ang Diyos, ang nagsabi, ' Magningning ang ilaw sa kadiliman, ' na siyang tumatanglaw sa aming mga puso upang magbigay-liwanag sa pagkakilala sa kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Jesu-Cristo. "* = ang lubos na kapahayagan ng kaluwalhatian ng Diyos ay kay Kristo sa ebanghelyo; nahayag ang kaganapan ng pag-ibig, biyaya, katuwiran at katarungan, ang kalaliman ng kayamanan ng karunungan ng Diyos sa pagliligtas ni Kristo. (**Jn. 3:16; Rom. 3:25*ss*, Ef. 1:6; Rom. 11:33**)

I. *Soli Deo Gloria:* Sa Kaligtasan

- Ang kaligtasan ay *sola gratia, sola fide* at *solus Christus* sapagkat ang magpatungkol ng anuman tungkol sa kaligtasan sa gawa ng tao ay pagkakait sa Diyos ng lubos na kaluwalhatian. Hindi Niya ibinabahagi kaninuman ang Kanyang kaluwalhatian (**Isa. 42:8**)
- Nasa likod ng apat na mga sola—*sola scriptura, sola gratia, sola fide at solus christus*—ay ang layunin ng pag-uukol ng lubos na kaluwalhatian sa Diyos.
  - Sa *Sola Scriptura* ay itinuturo tayo sa katotohanang ang Salita ng Diyos lamang ang lubos na otoridad sa ating buhay at pananampalataya; at tanging makapagtuturo sa daan ng kaligtasan.
  - Sa *Sola Gratia* ay ipinapaalala sa atin na ang biyaya ng Diyos ang nagpasimula ng gawa ng pagliligtas, nagpapanatili ng gawa ng kaligtasan at siyang lulubos sa gawa ng pagliligtas.
  - Sa *Sola Fide* ay hinahamon tayong iturin na tanging ang lubos na paglalagak ng tiwala sa Diyos at sa Kanyang probisyon kay Jesukristo ang paraan ng kaligtasan.
  - Sa *Solus Christus* ay pinatitingin tayo sa eksklusibong batayan ng pagpapawalang-sala = walang ibang pambayad-sala.
- **Roma 11:36** *" Sapagkat mula sa kanya, at sa pamamagitan niya, at para sa kanya ang lahat ng mga bagay. Sumakanya nawa ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen. "*
  - Tugon ng isang iniligtas na hindi lamang lubos na nakakaunawa sa biyaya ng Diyos; bagkus ay may pagpapahalagang tumutugon nang may kagalakan sa biyayang nagligtas sa kanya
  - Kumikilala na sa Diyos lamang nauukol ang lubos na kaluwalhatian
  - Sa kaligtasan: *Soli Deo Gloria!*

II. *Soli Deo Gloria:* Sa Panawagan

- **1 Cor. 10:31** *" Kaya kung kayo man ay kumakain, umiinom, o anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Diyos."*
  - Panlahat na panuntunan ito = lahat ay kumakain at umiinom
  - Sa tahanan, sa trabaho, sa harap ng mga kaibigan, kumakain tayong kasama nila = magpatotoo sa kaluwalhatian ng Diyos sa malalapit sa atin
  - Tayo'y sinusustentuhan ng Diyos, marapat lamang na luwalhatiin Siya sa ating kalakasan

  Barnes: *" Anumang plano o layunin na makapagsusulong ng Kanyang kaharian, at magpapatanyag sa Kanya at Siya'y lalong madadakila, ay nakaluluwalhati sa Kanya. "*

- **Katuruan Ng Panawagan**

- Ang katuruan ng panawagan o *'vocation'* ay teolohiya ng buhay-Kristyano = kung paano ipinamumuhay ng Kristyano ang kanyang pananampalataya.
- Ayon kay Luther, *" ginagatasan ng Diyos ang mga baka sa pamamagitan ng panawagan ng maggagatas "*. Ang bokasyon ay isang *'maskara ng Diyos'* = Siya ay nakatago sa panawagan. Nakikita natin ang maggagatas, o ang magtataho, o ang magsasaka, o ang doktor, o ang pastor o ang kargador sa palengke; subalit sa likod ng *maskarang-tao*, ang Diyos ay tunay na naroroon at aktibo sa kanilang ginagawa para sa atin.
- Para kay Luther at sa mga Repormador, ang katuruan ng panawagan ay ganito: Kapag nanalangin tayo at humihingi sa Diyos na *'bigyan Mo kami ng aming pagkain sa araw-araw'*. At ibinibigay Niya ito. Ang paraan kung paano Niya ibinibigay ang ating pagkain sa araw-araw ay sa pamamagitan ng mga panawagan ng mga magsasaka, ng mga tagapaggiling ng butil, at mga panadero; kasama ang mga drayber ng trak, ang mga manggagawa sa pabrika, ang mga nagtatrabaho sa bangko, ang mga kargador, at ang kahera sa supermarket. Kapag tayo'y nagpapasalamat at niluluwalhati natin ang Diyos sa ating pagkain, sa bawat yugto ng Kanyang probidensya ay naroon ang panawagan ng bawat isang naging bahagi sa pagtustos ng Diyos sa ating pangangailangan.

- **Pagkapari Ng Bawat Mananampalataya**

  = Nangangahulugan na ang Kristyano ay hindi kinakailangang maging isang pastor para makapaghandog sa Diyos ng kalugod-lugod na paglilingkod.

- **1 Ped. 2:5** *"...hayaan ninyong kayo ay maitayo bilang espirituwal na bahay tungo sa banal na pagkapari, upang mag-alay ng mga espirituwal na handog na kasiya-siya sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. "*
- Noong panahon ng Repormasyon, hinahati ng Romano Katoliko ang buhay sa: buhay sa *religious order* at buhay sa ordinaryong panawagan. Paniniwala: Ang buhay sa monasteryo na pinamamahalaan ng istriktong mga disiplina ng mga gawang pang-relihiyon ay mas tiyak na paraan ng kaligtasan kaysa sa ordinaryong panawagan na pinangangasiwaan ng 10 Utos.
- Dinala ni Luther ang disiplina ng espiritwalidad sa labas ng monasteryo para ipamuhay sa ordinaryong panawagan:
  - Panata ng hindi pag-aasawa (*vow of celibacy*) → maging tapat sa asawa
  - Panata ng kahirapan (*vow of poverty*) → magsikap sa paghahanapbuhay para sa pamilya
  - Panata ng pagsunod (*vow of obedience*) → sundin ang batas at kung anong hinihingi ng pinagtatrabahuhan
  - Panata ng pagkakawanggawa (*vow of almsgiving*) → maging bukas-palad sa kapwa
  - Panata ng pagtitimpi (*vow of self-discipline*) → magpunyagi laban sa tukso na kinakaharap sa araw-araw

  Vilmos Vatja, *Luther on Worship* *" Ang Kristyano ay naghahandog kapag siya ay sumusunod, naglilingkod at pinatutunayan ang pag-ibig na hinihingi ng kanyang trabaho at panawagan. Ang gawain ng Kristyano sa kanyang panawagan ay nagiging gampanin ng kanyang pagkapari, ang pag-aalay sa katawan. Ang kanyang gawain sa panawagan ay isang gawa ng pananampalataya, ang pagsamba ng kaharian ng daigdig. "*

KATURUAN: Kay Kristo, ang Kristyano ay nakapaglilingkod at nakaluluwalhati sa Diyos sa anumang panawagan dito sa buhay sa daigdig—sa ministeryo man o sa ordinaryong buhay.

- **Praktikal na Gamit**

1. Nagpapaalala sa atin ng layunin kung bakit tayo iniligtas = upang ipahayag ang kadakilaan ng Diyos kay Kristo sa lahat ng larangan sa ating buhay. Sapagkat si Kristo ang ating katuwiran na sumaatin sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, ay sisikapin natin sa lahat ng ating mga ginagawa na ang Diyos ay maluwalhati.
2. Magalak tayong malaman na maaari natin—at dapat nating luwalhatiin ang Diyos sa bawat panawagan na ibinigay Niya sa atin. Hindi nahahati ang buhay sa sagrado at sekular—pastor o inhenyero o diakono o karpintero—bagkus, sa anumang gawain ay maaari nating luwalhatiin ang Diyos.
3. Magturo rin ito ng pagpapanatili sa ating mga puso ng prinsipyo ng *'semper reformanda'* [always reforming] = laging nagbabago. Tayo'y may pagkiling na magtaas sa tao, sa ating sarili at sa ating mga opinyon at sa gayon ay ninanakaw natin ang luwalhati sa Diyos. Hayaang baguhin ng Salita ng Diyos ang ating pananaw sa ating katayuan at relasyon sa Diyos. Sa Kanya ang kaluwalhatian magpakaylanman.

HAMON: Gawing panuntunan na sa lahat ng larangan sa buhay, ipanindigan natin: *Soli Deo Gloria!*